## FACT SHEET 2023

# PILIPINAS:

## Mga Epekto ng Pagtanda at Panghabang-buhay na Diskriminasyon sa mga Nakatatandang LGBTI Persons

Maraming lesbyana, bakla, bi-sekswal, transgender at intersex (LGBTI)[1] persons sa Pilipinas ang dumanas ng matinding panghabang-buhay at interseksyonal na diskriminasyon mula pagkabata hanggang sa pagtanda. Nagdulot ito ng matinding epekto sa kanilang buhay--sa paaralan, komunidad, trabaho, serbisyong pangkalusugan at pamahalaan. Nagresulta ito ng matinding kahirapan at kawalan ng maayos na edukasyon. Ngayong matanda na sila, tumindi ang kahirapan na kanilang nararanasan dahil sa kawalan ng trabaho, pension o ipon, kawalan ng permanenteng tirahan, gutom, pamumuhay nang nag-iisa, panghihina ng katawan at mental health, kakulangan sa health care at exposure sa karahasan at pang-aabuso nang walang wastong tulong o legal na kalunasan.

Ang mga datos na makikita sa ibaba ay resulta ng survey na isinagawa sa taong 2022[2] sa 103 na LGBTI persons at panayam sa 21 indibidwal na may edad 50 hanggang 74 taong gulang at mula sa limang rehiyon[3] sa Pilipinas. Ang survey ay isinagawa sa pamamagitan ng online (Zoom) at personal na panayam. Ang mga impormasyon na nilalaman ng fact sheet[4] ay nagpapakita ng kabuuang larawan ng buhay ng mga nakatatandang LGBTI persons sa Pilipinas. Ang mga bahagdan ay isinalin (round-off) sa pinakamalapit na numero.

## SUMMARY OVERVIEW

**60%** ng nakatatandang LGBTI persons sa survey ay walang asawa at **30%** ang may kinakasama o partner.

**70%** ay namumuhay nang nakahiwalay sa biyolohikal na pamilya. Sa kabuuang bilang na ito, **35%** ay namumuhay kasama ang kanilang domestic partner, **22%** ang namumuhay ng mag-isa at **12%** ang namumuhay kasama ang kaibigan o roommate na hindi kamag-anak o domestic partner.

**22%** ay tumatayong tagapag-alaga sa mga miyembro ng kanilang pamilya o ng kanilang malapit na kaibigan na LGBTI person.

EnGendeRights, Inc. Asserting Gender Equality
OUTRIGHT INTERNATIONAL
sage Advocacy & Services for LGBTQ+ Elders
We refuse to be invisible®


**78%** ay nakatanggap ng emosyonal at pinansyal na suporta mula sa kanilang biyolohikal na pamilya, **65%** ang nakatanggap ng suporta mula sa kanilang mga kaibigan.

**40%** ay walang kakayahang matustusan ang kanilang pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain at gamot. Kasama sa bilang na ito ang mga LGBTI na umaasa lamang sa suporta mula sa kanilang pamilya at kaibigan. **39%** ay tumanda nang walang ipon.

**41%** ay hindi nakatanggap ng benepisyo mula sa gobyerno at **59%** ang nakatanggap ng tulong tulad ng: **42%** COVID-19 relief, **13%** senior citizen pension, **14%** tulong mula sa Social Welfare Department, **10%** Social Security pension, **4%** ayuda para sa mga may kapansanan, **1%** libreng bigas mula sa local na pamahalaan.

Ang mga nakatatandang LGBTI persons sa survey ay bahagi ng iba't ibang organisasyon o network, tulad ng mga organisasyon na binubuo ng LGBTI (**37%**), mga pang-espirituwal o relihiyosong organisasyon (**19%**), organisasyon ng mga senior citizen (**13%**), online na komunidad (**11%**), mga sentro sa komunidad o sentro para sa mga senior (**10%**), at mga grupong tumutulong sa mga taong namumuhay na may HIV (**1%**).

## Buod ng mga pangunahing isyu ng mga nakatatandang LGBTI persons



## Edukasyon at mga oportunidad sa pag-aaral para sa mga nakatatandang LGBTI persons

Ayon sa mga  LGBTI persons na kapanayam at bahagi ng survey, sila ay nakaranas ng pagmamaltrato mula sa kanilang mga magulang at kapatid mula noong sila ay bata pa at maging sa loob ng paaralan. Halimbawa, ang mga batang transfeminine at mga transgender na batang babae ay pinag-iinitan at pwersahang ginugupitan ng buhok. Ang mga masasakit na karanasang ito ang nagtulak sa mga nakatatandang LGBTI persons na tumigil na lamang sa pag-aaral. Halimbawa, sa 21 na LGBTI persons na nakapanayam, 15 sa kanila ang lumayas ng tahanan at tumigil sa pag-aaral dahil sa naranasang karahasan sa loob tahanan at diskriminasyon sa paaralan.

**30% ng nakatatandang LGBTI persons sa survey ay nakapagtapos ng kolehiyo, 22% ang umabot sa antas ng kolehiyo ngunit hindi nakapagtapos, 16% ang nakapagtapos ng high school, 17% ang nakatuntong ng high school ngunit hindi nakapagtapos. 4% ang nakapagtapos ng elementarya at 1% ang hindi nakapag-aral.**

## Trabaho at kabuhayan ng nakatatandang LGBTI persons

Ang mga LGBTI persons na napilitang lumayas sa kanilang mga tahanan at tumigil ng pag-aaral dahil sa pang aabusong naranasan ay limitado ang pagpipiliang karera at nahirapang makapasok sa maayos na trabaho dahil sa mababang antas ng edukasyon at kasanayan.

**40%** ay walang trabaho: **14%** ang umaasa sa suporta ng ibang tao (pamilya/kamag-anak, mga organisasyon ng LGBTI o mga kaibigan), **10%** ay nabubuhay sa ipon, **7%** ay nakakatanggap ng tulong mula sa gobyerno, **6%** ang nakakatanggap ng buwanang pension, **1%** ay umaasa sa investment at **2%** ang hindi sumagot sa tanong.

**48%** ay may trabaho: **29%** ang nasa informal sector (hindi regular o mababa ang kita at walang benepisyo) at **19%** ang part-time na trabaho na kadalasan ay mababa ang sahod, mabigat sa katawan, hindi regular o pana-panahon, walang social security, pension at benepisyong pangkalusugan. Sa mga nakatatandang LGBTI, hindi na kaya ng katawan nila ang mabibigat na trabaho kaya't napakalimitado ang trabahong maaari nilang pagkakitaan.

**Mas nais ng mga nakapanayam na nakatatandang LGBTI persons ang mga trabaho na malaya nilang nailalantad ang kanilang sexual orientation at gender identity and expression tulad ng paglabas sa mga comedy bar bilang performer o make-up artist, hairdresser sa mga beauty salon, mananahi sa mga pagawaan ng damit, salesperson, guwardiya, o may-ari ng maliit na negosyo. Ang mga larangan ng hanapbuhay na mga ito ang matinding tinamaan ng pandemyang dulot ng COVID-19. 3% ng nakatatandang LGBTI persons sa survey na may-ari ng maliliit na negosyo ay nawalan ng kita noong panahon ng COVID-19 lockdown.**

Uri ng hanapbuhay na kinabibilangan ng mga nakatatandang LGBTI persons:

**21%** maliit na negosyo (hal. sari-sari store)

**18%** pana-panahon na hanapbuhay (hal. pagtitinda, pagkakarpintero, konstruksyon)

**14%** kalusugan at beauty parlor

**13%** entertainment

**12%** edukasyon (hal. guro, pribadong guro)

**9%** mga pribadong kumpanya (hal. outsourcing sa ibang bansa)

**8%** serbisyong pangkalusugan (hal. staff sa klinika, HIV care provider, barangay health worker)

**5%** gobyerno

**4%** seguridad (hal. gwardiya sa mga gusali, barangay)

**4%** larangan ng agrikultura

**4%** larangan ng sining (hal. manunulat, pintor)

**2%** mga non-government organization (NGO)

**1%** consultancy (hal. bookkeeping)

**1%** manwal na paggawa

## Karahasan at pang-aabuso ng mga nakatatandang LGBTI persons

**18%** ng nakatatandang LGBTI persons sa survey ay nagsabing nanganganib sila sa kanilang pang-araw-araw na buhay, pisikal o emosyonal man.

**19% ay nakaranas ng emosyonal/berbal na pang-aabuso, 10% pang-aabusong pampinansyal, 4% ang pisikal na pang-aabuso, at 2% ang sekswal na pang-aabuso. Ang pang-aabuso ay naranasan nila mula sa kanilang pamilya, karelasyon, katrabaho, at komunidad.**

Anim na buwan bago sagutan ang survey, **13%** ng mga nakatatandang LGBTI persons ang nakaranas ng emosyonal na pang-aabuso, at **10%** ang nakaranas ng pisikal na karahasan mula sa pamilya, kaibigan, karelasyon, dating karelasyon, o miyembro ng komunidad.

## Tirahan ng mga nakatatandang LGBTI persons

**48%** ng mga nakatatandang LGBTI persons ay nangangambang mawalan ng tirahan sa loob ng isang taon. Ilan sa mga dahilan ay ang mga sumunod: walang kontrol sa pag-bebenta ng kapamilya ng kasalukuyang tinitirahan, pagtaas ng upa sa bahay, at demolisyon.

**7%** ay hindi tiyak ang paninirahan, kabilang ang mga nakikitira lamang sa mga kaibigan na kulang din ng pangtustos. **2%** ay walang tirahan, nakatira sa kalsada o mga sasakyan, at sa mga parke.

**34% ay naninirahan sa mga hindi maayos na lugar katulad ng mga lugar na may pinamumugaran ng mga daga at iba pang peste, 29% ang nagsabing maingay ang kanilang tirahan, 13% ang nagsabing giba-giba ang kanilang bahay, 12% ang nagsabing hindi ligtas ang kanilang komunidad, 3% ang nagsabing ang kanilang bahay ay lantad sa panganib sa sunog, 1% ang nagsabing walang mapagkukunan ng malinis na tubig.**

## Access sa kalusugan at serbisyong pangkalusugan para sa nakatatandang LGBTI persons

**58%** ng mga nakatatandang LGBTI persons ay hindi nakabisita sa doctor sa nakalipas na anim na buwan bago sagutan ang survey. Ang mga kadahilanan: takot sa diskriminasyon mula sa mga kawani ng serbisyong pangkalusugan, kawalan ng pambili ng maintenance na gamot, at kawalan ng kaalaman kung saan makakakuha ng libreng gamot mula sa pampublikong klinika/ospital.

**55% ay walang health insurance,[5] 25% ang nakakatanggap ng health insurance mula sa gobyerno at 19% ang mayroong pribadong health insurance.**

Mahigit **60%** ay nababagabag ang damdamin dahil sa stress at pagkabalisa. Mga dahilan ng pagkabagabag ng pag-iisip ay mataas na presyo ng mga gamot sa pananakit ng katawan, takot mawalan ng pangangalagang medikal, mataas na presyo ng bilihin at buwanang bayarin tulad ng tubig at kuryente, kawalan ng pagkakakitaan, kawalan ng kasama sa buhay, pag-iisa, walang tiyak na kinabukasan, at stress sa trabaho. **5%** lamang ng mga nakatatandang LGBTI sa pag-aaral ang nakakatanggap ng counseling mula sa mga therapist o mental health counselor.

## Epekto ng COVID-19 sa nakatatandang LGBTI persons

Matindi ang naging epekto ng Covid-19 sa mga nakatatandang LGBTI persons: **61%** ang nawalan ng trabaho at pagkakakitaan. **52%** ang nakaranas ng kalungkutan at pag-iisa. **25%** ang namatayan ng mahal sa buhay. **29%** ay nakaranas ng paglaki ng medikal na bayarin kaugnay ng gamot at pagpapaospital sa COVID-19. **3%** ang nakaranas ng kawalan ng pagkukunan ng pagkain.

**56%** ay hindi makakuha o nahirapang makakuha ng serbisyong panlipunan o tulong mula sa gobyerno sa panahon ng pandemya. Ang mga dahilan: **44%** ang hindi nakakilos dahil sa restriksyon sa paglabas ng bahay o lockdown. **20%** ang walang pambayad ng pamasahe. **1%** ang hindi kayang pumila nang mahabang oras para kumuha ng buwanang pension (SSS).

Sa mga nakatatandang LGBTI persons na nakatanggap ng COVID-19 ayuda: **29%** ang nakakuha bilang single, **27%** bilang bahagi ng isang pamilya, **16%** bilang senior citizen, at **1%** bilang isang LGBTI person.

## Ano ang mga ninanais ng mga nakatatandang LGBTI persons sa Pilipinas?

(Pumili ng lahat ng naaangkop ang mga respondente)

**83%** Libreng serbisyong pangkalusugan sa lahat ng senior, kasama ang nakatatandang LGBTI persons

**78%** Pension sa lahat ng senior citizen, kasama ang nakatatandang LGBTI persons

**66%** Libreng pag-aalaga sa mga senior, kasama ang nakatatandang LGBTI persons

**61%** Libreng pabahay sa mga senior, kasama ang mga LGBTI persons

**70%** Ibaba ang edad ng mga nakatatanda na maaaring makatanggap mga benepisyo bilang senior citizen

**62%** Pagpasa ng mga inklusibong batas at patakaran:

- Pambansang batas laban sa diskriminasyon na inklusibo sa SOGIESC
- Gender recognition law (58%)
- Civil union law (35%)
- Marriage equality law (35%)
- LGBTIQ-inclusive laws at policies (49%)

## Mga kasanayan sa buhay na kailangan ng mga nakatatandang LGBTI persons

**42%** Financial literacy


**39%** Paano makakuha ng tulong mula sa gobyerno

**24%** Serbisyo ukol sa mental health

**12%** Paano mag-enrol sa GCash

**12%** Paano gumamit ng Zoom

## Mga bagong kasanayan na pangkabuhayan para sa nakatatandang LGBTI persons



- Pagluluto/pag-bake (36%)
- Pag make-up/paggupit ng buhok (23%)
- Pagtatanim (21%)
- Food preservation (18%)
- Pagtatrabaho sa barangay (18%)
- Pagmamasahe at reflexology (16%)
- Pananahi (16%)
- Bookkeeping (10%)
- Pagtatrabaho sa call center (6%)
- Pagbebenta ng bahay at lupa (5%)
- Welding/plumbing (4%)
- Computer (3%)
- Pagkakarinderya (3%)

## Mga Rekomendasyon: EnGendeRights at Outright International

- Baguhin ang Batas sa Senior Citizen upang makatanggap ng benepisyo ang mga nakatatanda na nasa edad 50-59. [6]
- Ipasa ang panukalang batas laban sa pang-aabuso sa mga nakatatanda.
- Ipasa ang batas at patakaran na inklusibo sa SOGIESC sa konsultasyon ng mga nakatatandang LGBTI persons.
  - SOGIE anti-discrimination law
  - Comprehensive anti-discrimination law
  - Gender recognition law
  - Marriage equality
  - Civil union law
  - Iba pang batas at patakaran na inklusibo sa SOGIESC
- Itaas ang antas ng pabahay, mga serbisyong pangkalusugan, pag-access sa mga benepisyo ng estado, mga kasanayan sa buhay, at mga pagkakakitaan para sa mga nakatatandang LGBTI persons.
- Organisahin ang mga nakatatandang grupo ng mga LGBTI persons sa komunidad at mga LGBTI-inclusive na organisasyon ng mga senior.
- Tiyakin ang representasyon sa pulitika ng mga nakatatandang LGBTI persons.
- Bigyang-prayoridad at itaas ang kaalaman kaugnay ng mga isyu, pangangailangan, karapatan at ambag ng mga nakatatandang LGBTI persons sa lipunan.

# Endnotes

1 Sa Pilipinas, ang mga nakatatandang taong edad animnapu at mas nakatatanda ay madalas na hindi kinikilala ang kanilang sarili bilang queer at kadalasang ginagamit ang LGBT o LGBTI na acronym, habang ang mga nakababatang aktibista ay isinasama ang queer sa LGBTIQ acronym.
2 Ang EnGendeRights Philippines at Outright International ay nagsagawa ng baseline assessment ng background at mga pangangailangan ng nakatatandang LGBTI persons sa Pilipinas sa suporta ng mga indibidwal na volunteer data gatherers. Ang pag-aaral ay bahagi ng LGBTI Elders Advancing Project na pinondohan ng SAGE USA.
3 Ang mga kalahok sa survey at mga nakapanayam ay nakatira sa National Capital Region (42.7%), Mindanao (26.2%), Visayas (16.5%), Luzon (12.6%), at Calabarzon (1%).
4 Clara Rita Padilla, Ging Cristobal, Grace Poore, “PILIPINAS: Mga epekto ng Pagtanda at Panghabang-buhay na Diskriminasyon sa mga nakatatandang LGBTI” [Fact Sheet], May 2023.
5 Sa kabila ng Universal Health Care Law, 55% ng nakatatandang LGBTI persons sa pag-aaral ang nag-ulat na hindi sila naka-enlist sa Philippine Health Insurance.
6 Lumikha ng bagong pre-senior na kategorya para sa edad 50-59 upang makatanggap sila ng mga benepisyo ng senior citizen.

Para sa karagdagang impormasyon:
EnGendeRights Philippines: engenderights.com
Outright International: outrightinternational.org

EnGendeRights, Inc. Asserting Gender Equality
OUTRIGHT INTERNATIONAL
sage Advocacy & Services for LGBTQ+ Elders
We refuse to be invisible®